Ang rebolusyonaryong kultura ay isang makapangyarihang sandata sa rebolusyon ng malawak na masa ng sambayanan.

# ULÓS

ULUSIN NG PLUMA AT PINSEL ANG KAAWAY!

...walang sining alang-alang sa sining, sining na walang uring kinabibilangan, isang sining na hiwalay o malaya sa pulitika.

TAON 1, BILANG 3

DISYEMBRE 1, 1972




NILALAMAN

Editoryal ● Sapagkat ang Bukas ay sa Masa Lamang ● Mga Bugtong ● Welga! Welga!! ● Panawagan ● Sabi Nga ni Balagtas ● September 21, 1972 ● Mga Salawikain ● Macoy ● Suriin Po Natin

# EDITORYAL

## IBINABANDILA NG REBOLUSYON ANG PANITIKAN AT SINING NA PAMBANSA, SIYENTIPIKO AT PANGMASA

Ang lahat ng ating panitikan at sining ay para sa masa ng sambayanan, at unang-una para sa mga manggagawa, magsasaka at kawal. Nilikha ang mga ito para sa mga manggagawa, magsasaka at kawal at para magamit nila.

Sa ilalim ng mapagsamantalang diktadurang E.U.-Marcos, ang kapangyarihang pang-ekonomiya at pampulitika ay nawak ng mga katutubong uring nakikipagsabwatan sa imperyalismong Amerikano upang palawakin at patatagin ang kanilang paghahari. Sa "bagong lipunan", ang panitikan at sining na "may pahintulot" ay yaong nagsusulong sa kapakanan ng naghaharing uri. Sa madaling sabi, ang mga nobela, tula, dula, pinta at eskulturang tinatangkilik ng burges na mass media, art gallery at teatro, ay mga likha para sa mga naghaharing uri.

Layunin ng rebolusyong Pilipino na agawin sa mapang-aping naghaharing uri ang kapangyarihang pang-estado. Samakatwid, kailangang ibandila ng mga manggagawa, magsasaka at mga uring binubusabos ng "bagong lipunan" ang rebolusyonaryong panitikan at sining upang mahawan ang landas tungo sa nabanggit na layunin. Ang ganitong paghawan ng landas ay naipamalas sa mga taon ng pagpapanibagong-tatag sa nakaraang dekada, sumibo noong Unang Sigwa ng 1970, at buong sigasig na ipinagpapatuloy sa ilalim ng pasistang diktadurang itinayo ng Proklamasyon Blg. 1081.

Laban sa kulturang imperyalista at piyudal ng "bagong lipunan", ibinabandila ng rebolusyonaryong kilusan ang mga akda at likhang sining na may katangiang pambansa, siyentipiko at pangmasa. Sa kasaysayan ng panitikan mula lamang nang dumatal ang Unang Sigwa, maraming pagbabago ang pinag-ushong ng mga progresibong manunulat, hindi lamang sa lengguwahe at pamamaraan kundi lalo't higit sa layunin at nilalaman. Sa larangan ng sining, nagmistulang putlain at walang buhay ang mga obra ng mga artistang nagtampisaw sa kosmopolitanismong burges na uso sa Paris, Londres at Nuweba York, nang matabi sa mga likha ng mga rebolusyonaryong artista na ang paksa ay ang pakikibaka ng masang Pilipino.

Taliwas sa "pambansang kultura" ng "bagong lipunan" ang rebolusyonaryong panitikan at sining na may katangiang pambansa. Hindi "katutubo" o "bagong" anyo ang nagbibigay sa rebolusyonaryong panitikan at sining ng pambansang katangian, [illegible] nilalaman at nilalayon nito. Ang adhikain ng rebolusyonaryong panitikan at sining ay nakatuon sa pambansang kalayaan. Anti-imperyalista ito kayat itinatakwil at kinikitil ang anumang tendensiya na nagtatali sa manunulat at artistang Pilipino sa oryentasyon at pananaw ng naghaharing uri sa mga bayang kapitalista. Samakatwid ang pangunahing tunguhin ng rebolusyonaryong panitikan at sining ay ang paglaban sa dayuhang pang-aaliping nagpapahirap sa bayang Pilipino. Bukod dito, ang pambansang katangian ng rebolusyonaryong panitikan at sining ay hindi yaong pinagiging baog ng bulag na pagkapit sa anumang naturingang "sariling atin", kundi yaong pinagyayaman ng pakikipagtalik sa rebolusyonaryong tradisyon at karanasan ng mga mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig.

Dapat tayong makiisa sa proletaryado ng lahat ng bayang kapitalista, sa proletaryado ng Hapon, Britanya, Estados Unidos, Alemanya, Italya at lahat ng bayang kapitalista, sapagkat sa ganitong paraan lamang maibabagsak ang imperyalismo, mapalalaya ang ating bansa at ang mga mamamayan, at mapalalaya ang mga bansa at mga mamamayan ng daigdig. Ito ang ating internasyonalismo, ang internasyonalismong isinasalungat natin sa makitid na pagkamakabansa at makitid na pagkamakabayan.

Batay sa mga "kasabihang" araw-araw, oras-oras ay idinuduldol ng diktadurang E.U.-Marcos sa mga mamamayan, ang pundasyon ng kasalukuyang pasistang estado ay "disiplina". Sa pakahulugan ni Marcos, ang "disiplinang" ito'y walang iba kundi ang piyudal na pangangayupapa sa buktot na kapangyarihan ng diktador at ng estadong kanyang ginagamit upang panatilihin ang sarili sa paghahari. Sa kanilang pagkapangapit sa piyudal na kaayusan, walang tinig ang sambayanan sa pagpapasya hinggil sa kanilang kapalaran. Sila ay tagalulon na lamang ng balonang isubo sa kanila ng naghaharing uri, pagkat ang unang-unang pinipilay ng kulturang piyudal ay ang mapagsuring isipan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa mga puwersang nasa "kalangitan" o "kabilang daigdig" bilang tagapagbunsod ng mga pangyayari sa buhay ng tao. Upang lipulin ang paminsala ng kulturang piyudal, isinusulong ng rebolusyonaryong panitikan at sining ang siyentipikong pag-iisip.

Kapag tinitingnan natin ang isang bagay, kailangang suriin natin ang kaibuturan nito at ituring ang anyo nito bilang gabay sa may bungad ng pintuan; sa sandaling makapasok na tayo sa pintuan, kailangang masapol natin ang kaibuturan ng bagay na ito. Ito lamang ang mapagkakatiwalaan at siyentipikong paraan ng pagsusuri. Nakapaloob sa siniping pangungusap ang diwang nagpapakilos sa mga manunulat at artistang anti-piyudal.

Ang panitikan at sining na imperyalista at piyudal ay naglilingkod lamang sa naghaharing uri, at kailanma'y hindi ito maituturing na para sa masa ng sambayanan anupaman ang propagandang ipangalandakan ng reaksiyonaryong "bagong lipunan". Pangmasa ang ikatlong katangian ng rebolusyonaryong kulturang ating itinataguyod. Ang publiko nito ay ang masa ng sambayanan, ibig sabihi'y ang mga manggagawa, magsasaka at iba pang uring inaapi at pinagsasamantalahan. Dahil sa kaiba ang kapakanan nila sa kapakanan ng naghaharing uri, ang nilalaman at pamamaraan ng rebolusyonaryong panitikan at sining ay iniangkop sa mga pangangailangan ng masa ng sambayanan. Upang maiugnay ang sarili sa masa, ang isang tao ay dapat kumilos alinsunod sa pangangailangan at kagustuhan ng masa. Ang lahat ng gawain para sa masa ay sa kanilang pangangailangan dapat magsimula at hindi sa pagnanais ng sinumang indibidwal, gaano man ito kabuti.

Pangunahing pangangailangan ng masa ngayon ang pagdurog sa imperyalismong Amerikano, piyudalismo at burukratang kapitalismo, kayat ang pakikibaka nila laban sa tatlong salot na ito ang nilalaman ng rebolusyonaryong panitikan at sining. Tunay na malaki ang agwat ng kultura ng "bagong lipunan" at ng kulturang pinayayabong ng digmaang bayan na lalansag sa diktadurang E.U.-Marcos, magpapalaya sa ating bansa, at magdudulot ng tunay na demokrasya sa sambayanang Pilipino.

* * *

## "WE ARE NOT ONLY GOOD AT DESTROYING THE OLD WORLD, WE ARE ALSO GOOD AT BUILDING THE NEW"

A resounding tribute to the victories of the national democratic cultural revolution has been the massive and vicious retaliation by the enemy. The U.S.-Marcos clique, reeling from the crushing blows delivered by committed artists and writers and progressive intellectuals, suppressed media critical of it in the vain hope of stifling the stormwinds of protest against its corrupt and oppressive rule.

Today the U.S.-Marcos propaganda machinery daily grinds out lies about "service to the people" and slanders against revolutionaries and other patriots. The Daily Express, Times Journal, Bulletin Today, Focus, Expressweek, Liwayway, Ang Bayani, KBS, VOP, "Bagong Anyo '72", Mabuhay ang Pilipino Movement--all these propaganda vehicles have been set up in order to dupe the Filipino people into believing that a "new society" has indeed been ushered in by Proclamation No. 1081. But the "sophisticated" sound and fury emanating from these propaganda organs of the fascist dictatorship signifies nothing but the death-rattle of a decadent culture desperately trying to prolong its parasitic life-span.

The cultural campaign of the U.S.-Marcos dictatorship, by its strident and repetitive lies, has only brought into full view the negative example of the reactionary culture of the "new society". The utter bankruptcy of the ideology of the "new society" is exposed by the fascist slogans which din into the public mind such tired commonplaces as "discipline" and "respect" in order to rally the people behind the U.S.-Marcos dictatorship.

The "new society" salvages the wreck of an old world in order to give substance to its claim that it is "new". On the other hand, the national democratic cultural revolution rams away at the foundations of an oppressive old society in order to build a new world. Its achievement is readily observed in the field of literature and art. Starting off from the revolutiona y ferment of the sixties, the First Qu..ter Storm of 1970 brought with it an invigorating faith in the masses and dedication to their service, and a whirlwind blew over literary and art circles hitherto captive to bohemianism, despair and self-regard.

The brief interval between the First Quarter Storm and the imposition of martial law saw the flowering of progressive and revolutionary literature and art. Writers and artists reflected in

their works a new world view--that of the proletariat--which gave their plays, poems and artwork new content and challenged their creativity in the exploration of new art forms demanded by revolutionary struggle. In the field of theater, the plays about the plight of peasants and workers and the struggle they are waging to change their condition exposed the anemia of bourgeois shows that grovel in neurosis and pessimism. The "clever" and "novel" art of painters and sculptors catering to the "cosmopolitan" taste of the ruling class was unmasked as thoroughly inane if not downright counterrevolutionary by the powerful murals and posters portraying workers, peasants, students, teachers and professionals engaged in revolutionary struggle. Many writers turned away from escapist love themes and impotent introspection and concentrated on the clarification of the fundamental problems of the Filipino people.

The achievements of the cultural revolution have been recorded in print and film for the future to see. But it is not inert records alone that attest to the greatness of those achievements. Rather it is the imprint that revolutionary literature and art leaves in the hearts and minds of the masses that tells about the accomplishment of the writers and artists. Because the people find in the plays, poems and artworks their common aspirations brought to a focus and their struggle carried out on yet another front, they draw strength and inspiration from them and they become more resolute in their struggle for national freedom and democracy.

It is literature and art that the people have taken unto themselves that will endure. It is literature and art like this that will be the life-blood of the theaters, printing presses, art galleries, radio and television stations when the revolutionary masses, overthrowing the exploitative and oppressive order, take over the field of culture and transform the old world into a new one.




Pumapalaot na ang sapot ng lagim
Sa lunsod at nayong inabot ng dilim--
Ngunit ang tirano'y laging susupilin
Ng dakilang masang ayaw paalipin!

Sa bundok at dagat
Sa lunsod at nayon
Lalatag ang poot
Ng masang babangon--
Sigaw nating api
Ang s'yang dadagundong:
Ang uring limatik,
Sa dugo'y ibaon!

Inagaw ng taksil ang laya ng bayan,
Sandata ng lilo ay kapangyarihan--
Sa pambubusabos, ganap na gahaman,
Laya't dangal nati'y sukdang mayurakan!

Ang baya'y titindig
Laya'y aangkinin,
Tangan ay sandatang
Pupuksa sa linsil!
Ang baya'y sisigaw:
Wala nang alipin!
Pasistang estado'y
Lulugmok sa libing!

Libu-libong bisig ang mananagumpay
Sa pulang umaga ng digmaang bayan--
Ang mamamayani'y maningning na buhay,
Sapagkat ang bukas ay sa masa lamang!

● Liberacion Roja

## MGA BUGTONG *

1.
Hindi hayop, hindi tao,
Armalayt ang ulo,
Ang utak ay abo.

2.
May manikin akong alam,
Palasyo ang tinitirhan,
Tumatahol kung susian,
Pumapatay kung bayaran.

3.
Hindi hari, hindi pari,
Malaki pa sa kulani
Ang mga brilyanteng ari
Na sa baro'y palamuti.

4.
Limbas na walang kasimbangis,
Ang kuko'y bombang matutulis,
Kulay dolyar at amoy langis,
Yari sa papel na manipis.

* Mula sa kagandahang-loob ng TALIBA NG BAYAN

(Nasa pahina 15 ang mga sagot)

# WELGA! WELGA!!

Ang sumusunod ay ang pangwakas na eksena ng may tatlong yugtong dulang WELGA! WELGA!! Sinulat ng Panulat Para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) at ng Komite sa Panulat ng Panday-Sining sa pakikipag-ugnayan sa Katipunan ng mga Samahan ng mga Manggagawa (KASAMA), ang dulang ito ay sampung ulit na itinanghal ng Panday-Sining noong Marso at Hulyo 1972. Ang pinakahuling binagong bersiyon na dapat sanang itinanghal ng Dulaang Bagong Sigwa noong Setyembre 23, 24, at 25, 1972 ay sapilitang pinigil ng deklarasyon ng martial law ng pasistang papet na si Marcos.

Sa ngayon, ang WELGA! WELGA!! ang pinakamasaklaw na dulang pumapaksa sa kilusang manggagawa--ang pagbubuo ng tunay na unyon at ang pakikitunggali nito sa mga kaaway ng uring manggagawa at ng bayan. Ang huling bahagi ng dula ay nagpapagunita sa atin ng pagyurak ng diktadurang E.U.-Marcos sa demokratikong karapatan ng uring manggagawa nang ipagbawal ng Pangkalahatang Utos Blg. 5 ang welga sa loob ng "bagong lipunan".

★ ★ ★

Ikatlong Yugto

Eksena 3: Mabuhay ang Kilusang Welga!

(Maliwanag ang buong tanghalan. Dalawang pangyayari ang magkasabay na magaganap. Sa kanan-itaas na bahagi ng tanghalan ay may isang mesa at dalawang silya na gagamitin nina Mr. Davis at Atty. Lachica. Ang iba pang bahagi ng tanghalan ay siya namang picket area na kinaroroonan ng mga welgista. Mapapansin ang malaking kaibhan ng mga islogan sa mga plakard ngayon kaysa noong unang welga, gaya ng Ibagsak ang Imperyalismong Amerikano!, Palaganapin ang Kilusang Welga!, Mabuhay ang Uring Manggagawa!, Rebolusyonaryong Karahasan ang Sagot ng mga Uring Api!, Itaguyod ang Digmaang Bayan!, Tagumpay sa Pambansang Demokratikong Rebolusyon!, at iba pa na pawang may pirmang PKMASC.

Ang mga welgista ay umaawit ng paksang himig ng dula. Buong husay na iwinawagayway ng tatlong welgista ang mga bandilang pula.)

Matapos ang awit, palakpakan ang mga welgista.

CRIS: (Hangos na darating, iwinawasiwas ang mga dalang telegrama.)
Ka Ador! Ka Ador! Natanggap ko na ang mga telegrama buhat sa Tarlac at Negros! (Ibibigay kay Ador.) At nag-long distance na rin ang unyon natin sa Laguna! (Kaingay ang mga welgista: Ano'ng sabi? Kumusta daw? Ano'ng balita?)

ADOR: (Matapos basahin ang dalawang telegrama.)
Mga kasama! Ito ang tunay-na-tunay na magandang balita! Pumutok na ang welga sa Tarlac at Negros!

CRIS:
Pati sa Laguna!

(Kagulo ang mga welgista na parang nagwagi na: Mabuhay ang Kilusang Welga! Sa puntong ito'y dahan-dahan nang papasok sa tanghalan sina Mr. Davis at Atty. Lachica.)

CELSO:
Mabuhay ang Progresibong Kaisahan ng mga Manggagawa!
(Sagutan ang mga welgista: Mabuhay!)

LITA:
Gamitin natin nang buong giting ang welga bilang sandata ng masa!

PEPE:
Palaganapin ang Kilusang Welga!
(Sagutan ang mga welgista: Kilusang Welga! Kilusang Welga! Kilusang Welga! walang kilos.)

MR. DAVIS:
Ano'ng kilusang welga? Totoo ba'ng sinabi mo?

ATTY. LACHICA:
Yes, sir! Meron silang strike movement. May sympathy strike na sa mga plantasyon at kamalig natin. At nagkakagulo na rin sa refinery! Laganap na ang welga! (Walang kilos.)

ADOR:
O, 'yung mga ka-grupo ko, saan ba n'yo gustong magtalakayan ngayon?

BEN:
D'un sa bukana!

DORAY:
Oo, sige. Mabuti nga doon.

PEPE:
Dito naman kami, Ka Ador.

DORAY:
Mga kasama, bago n'yo makalimutan. Alas otso ang dating ng mga kabataang magtatanghal ng mga dula! Magdamag daw silang titigil dito.

(Palakpakan ang mga welgista: Aba, mahusay 'yan! Kumpleto na talaga 'tong welga natin! Patuloy ang usapan habang sina Ador, Cris, Ben, Doray, Dodo at mga lima pang manggagawa ay tumutungo sa kanan-ibabang bahagi ng tanghalan upang doon magtalakayan. Karamihan sa kanila ay may dalang Mga Siniping Pangungusap ng Tagapangulong Mao Tsetung (MSPTMT). Si Dodo ay may dalang bandilang pula. Tutungo naman sa kanan-ibabang bahagi ng tanghalan sina Lumen, may dalang LRP, at Dolpo, may dalang bandilang pula, upang doon magbantay. Manaka-naka'y anyong magtatalakayan din ang dalawa.
Ang naiwan namang pangkat na pinamumunuan ni Pepe ay magkakani-kanya na ring posisyon sa plataporma upang magtalakayan din. Bubuksan na ng bawat isa ang kani-kanilang aklat.)

BEN:
Ito na ang tutoong pag-aaral.
(Walang kilos ang tatlong grupo ng mga welgista.)

MR. DAVIS:
Hindi totoo 'yan! Hindi p'wedeng mangyari 'yan! Sinabi sa akin ni Ignacio na hindi mangyayari 'yan! Wala daw ibubuga ang unyon ng Ador na 'yon!

ATTY. LACHICA:
Pero tutoo, sir! These reports have all been verified as of three o'clock this afternoon.

(Walang kilos.)

ADOR: (Binabasa ang p. 155 ng MSPTMT)
"Ang mga mamamayan, at ang mga mamamayan lamang, ang puwersang nagpapakilos sa paglikha ng kasaysayan ng daigdig."

(Walang kilos.)

PEPE: (Binabasa ang p. 157 ng MSPTMT.)
"... Lalansagin nila ang lahat ng tanikalang gumagapos sa kanila at sila'y rumaragasang susulong sa landas ng kalayaan. Itataboy nila ang lahat ng imperyalista, bulok na opisyal, katutubong maniniil, at buktot na maykaya."

(Walang kilos.)

MR. DAVIS:
Hindi mangyayari 'yan! Never! Mali 'yang verification na 'yan. That cannot be! Tumawag ka ulit sa mga branches natin, madali!

ATTY. LACHICA:
Yes, sir. (Tatalikod. Haharap ulit.) Pero, sir, sila na nga ang tumawag kanina! Strike na sa kani-kanilang lugar. Laganap na ang welga!

MR. DAVIS:
Ow, shit! Sige na! Tumawag ka ulit!

ATTY. LACHICA:
Ye-yes, sir, Mr. Davis. Kung siya n'yong gusto! (Aalis.)

(Walang kilos.)

LITA:
Sa ayaw at sa gusto ng mga kontra-rebolusyonaryong 'yan e talagang itatapon natin sila sa kangkungan ng kasaysayan!

CELSO:
Magkakasabwat silang lahat! Kontrolado nila ang gobyerno!

LITA:
Ito na lang mga imperyalistang Kano, ha? Tingnan n'yo--

(Walang kilos.)

ADOR:
Nakatalaga ang kunwa'y mga tagapayong Kano sa bawat estratehikong sangay ng papet na pamahalaan upang patnubayan at impluwensiyahan ang mga patakaran nito, magsagawa ng mga imperyalistang propaganda, mag-espiya, maniktik, magmaniobra!

(Walang kilos.)

MR. DAVIS:
Attorney!

ATTY. LACHICA: (Babalik.)
Yes, sir?

MR. DAVIS:
Talaga bang... Talaga bang tumawag na sila kanina?

ATTY. LACHICA:
Talaga, Mr. Davis. Sinabi ko na sa inyo, sir. Hindi ako nagbibiro!

(Walang kilos.)

ZARDO:
At 'wag akalain ng Davis na 'yan na nagbibiro pa tayo! Totohanan na 'to!

(Walang kilos.)

ADOR:
Ito ang pambansang demokratikong rebolusyon, isang rebolusyong naglalayong palayain ang sambayanang Pilipino mula

**sa pang-aapi at pagsasamantalang dayuhan at piyudal.**

(Walang kilos.)

MR. DAVIS:
At ang sabi nila'y talagang welga na nga sa kani-kanilang lugar?

ATTY. LACHICA:
Yes, sir. 'Yan ang mismong itinawag nila sa akin. Laganap na ang welga!

MR. DAVIS:
Kung gayo'y... (Mapapaupo.) Pero bakit nagkaganoon?

(Walang kilos.)




CRIS: (Binabasa ang p. 351 ng MSPTMT)
"Sapagkat natuto na tayo sa mga pagkakamali at kabiguan, tayo'y naging higit na matalino at bihasa sa pamamahala ng ating mga gawain..."

(Walang kilos.)

PEPE:
At buong tatag nating isinasapraktika ang rebolusyonaryong kaisipang manggagawa, ibayo ang ating pagkakaisa, ibayo ang ating lakas!

(Walang kilos.)

ATTY. LACHICA:
Huwag naman kayong magagalit, sir, pero palagay ko'y tutoong lakas ang sinasabi nila!

MR. DAVIS:
Hindi! Pero saan tayo nagkamali? Saan? Saan? Attorney, alam mo ba ang kahulugan ng nangyayari ngayon? Paralisado na ang buong kompanya! Ang buong American Sugar Company!

ATTY. LACHICA:
Yes, sir. Paralisado na.

(Walang kilos.)

ADOR:
Panahon na upang buwagin ang mga inaagiw na institusyon sa ating mga isipan, at palitan ang mga ito ng rebolusyonaryong kaisipan upang sumulong ang ating bayan sa kaunlaran at kapayapaan. Ito ang layunin ng rebolusyong pangkultura, at dito'y dapat nating ikawing ang Kilusang Welga!

(Walang kilos.)

MR. DAVIS:
Hinto ang produksiyon!

ATTY. LACHICA:
Hinto ang produksiyon.

MR. DAVIS:
Aaa! Hindi! Hindi maaari ito! May paraan pa tayo diyan! Mayro'n pa! What are we in power for?

(Saglit na walang kilos ang dalawa. Dahan-dahang tatalikod.)

LUMEN: (Nakaturo sa dakong kanan.)
Du'n! Sa banda ro'n!

DOLPO: (Titingin sa itinuro.)
Ba, oo nga, ano! At hindi lang dyip! Bus na ngayon!

LUMEN:
Sige lang! Matatauhan ang mga lintek na 'yan ngayon!

DOLPO:
Tayo na!

(Tatakbuhin ng dalawa ang mga welgistang nagtatalakayan.)

DOLPO:
Mga kasama! Me dumarating na riot squad! Umeeskort sa isang bus!

(Tigil ang talakayan ng dalawang grupo. Magkakaingay sa galit ang mga welgista: Bus na ngayon, ha?)

LITA:
Eskirol 'yan! Eskirol 'yan! Tama ang report sa atin ng mga kasama!

DODO:
Turuan natin sila ngayong gumalang sa piket!

BEN:
Bigyan ng leks'yon ang mga tarantadong 'yan!

ADOR:
Sige, maghanda na tayo! Ihanda ang mga kagamitang pandepensa!

CELSO:
Mga kagamitang pandepensa!

ADOR:
Abisuhan na ang lahat ng picket commander!

(Gumamit ng strobe, o kung wala'y pata-

yin-buhayin na lamang ang mga ilaw. Matapos kumuha ng kani-kaniyang gamit, haharapin na ng mga welgista ang dumarating na mga anti-riot PC, pulis, at bayarang maton. Tunggalian. Ipakita agad ang pagkagapi ng mga reaksiyonaryo. Dapat masining na okupahin ng mga welgista ang buong tanghalan, liban sa maliit na lugar na kinatatayuan nina Mr. Davis at Atty. Lachica. Isang welgistang babae ang buong husay na nagwawagayway ng bandilang pula sa kaliwa-ibabang bahagi ng tanghalan. Walang kilos. Panatilihin ang mga ilaw.)

MR. DAVIS:
Walang ring nangyari?

ATTY. LACHICA:
Talagang matibay sila, sir! Napakahirap lumampas sa piket nila. Kulang na kulang ang mga nakapasok na tauhan natin sa sentral.



MR. DAVIS:
Ilan?

ATTY. LACHICA:
E... Lima lang po, sir.

MR. DAVIS:
Lima? Jesus Christ! Ang limampu'y kulang pa para mapatakbo ang mga makina!

ATTY. LACHICA:
At tiyak na magugutom sila, sir. Nakalusot nga sila sa piket pero hindi naman sila mapasukan ng pagkain. Tiyak na susuko sila sa mga welgista!

MR. DAVIS:
Hindi! Hindi p'wede ito! Isang linggo lang na maparalisa ang kompanya'y katakut-takot na ang malulugi sa atin! Ang mga kontrata natin!

ATTY. LACHICA:
Iniisip ko nga 'yan, sir.

MR. DAVIS:
Masisira ang programming ng kompanya! Ilang daang tonelada pa manding ang nakasalang sa refinery! My god! We cannot stop production at this period!

ATTY. LACHICA:
But production has already stopped, sir. Mahigpit nilang natatanuran ang lahat ng entrances sa main building. Sa bawat gate ay may nagpipiket! May nagbabantay!

MR. DAVIS:
Ang west gate! Gate six! Malayo na 'yon sa main road. Maaaring do'n sila mahina!

ATTY. LACHICA:
Doon sila talagang malakas, sir. Doon malubhang nasugatan ang labindalawang tauhan natin!

MR. DAVIS:
Dammit! Bakit sila nagkaisa? Bakit sila nagkaisa?

ATTY. LACHICA:
Ewan ko, sir.

(Saglit na walang kilos sina Mr. Davis at Atty. Lachica. Muling dahan-dahang tatalikod. Gamitin ulit ang strobe. Tuloy ang tunggalian. Magtatakbuhan na ang ilang pasista at maton. Ang matitira'y makikipagtunggalian pa rin sa mga welgista. Walang kilos--ang mahuhuling posisyon ng mga pasista at maton ay ang pagtakbo. Panatilihin ang mga ilaw.

ATTY. LACHICA:
Sa Laguna'y iniwan nila at sukat ang plantasyon. Nakabilad sa araw at ulan ang mga traktor at tillers, ang lahat ng ating kagamitan! Kumukuha kami ng mga trabahador sa mga kalapit-baryo pero ayaw nila. Kami pa ang pinagbabato!

MR. DAVIS:
Mga walanghiya! Goddamned people! Sa Negros?

ATTY. LACHICA:
Sa Negros po naman, sinalubong kami ng katakut-takot na bandilang pula! Ang mga manggagawa mismo ang nagsara ng mga pinto ng sentral. At ginawa pang esk'wela ang compound! Doon sila mismong nag-aaral ng mga pulang librito nila!

MR. DAVIS:
Hindi! (Mapapaupo. Isusubsob ang mukha sa dalawang palad.) Ako'ng inaasahan ng kompanya. Kahapo'y nagmiting ang board of directors. Ako'ng inaasahan nila!

ATTY. LACHICA:
E, Mr. Davis...

MR. DAVIS:
Ano?

ATTY. LACHICA:
Sa Tarlac po naman--

MR. DAVIS: (Mag-aangat ng mukha, ngingiti, tatayo, parang nabuhayan ng

loob. Hahawakan sa dalawang balikat si Atty. Lachica.) Oo, sa Tarlac nga pala! Ano sa Tarlac?

ATTY. LACHICA:
Sa Tarlac po, ang balita'y sinasalubong ng bala ang mga eskirol. Sa mismong picket area po ay meron daw dumadalaw na ... na Bagong Hukbong Bayan!

MR. DAVIS: (Mapapaurong.)
Great Scott! Bagong Hukbong Bayan ba kamo? NPA?

ATTY. LACHICA:
E... 'yun po ang sabi nila.

MR. DAVIS:
Sabi nila? Sinong sila? Bakit hindi mo tiniyak?

ATTY. LACHICA:
E, pa'no ko po titiyakin, sir? Hindi ko naman po masabi kung sino'ng NPA sa kanila.

MR. DAVIS:
Pa-paano tayo ngayon?

ATTY. LACHICA:
At nakapagtataka po pagkat kung ne nasusugatan sa kanila, lalo silang tumatapang! At saka demonstrasyon agad sila sa plasa kasama ang mga kabataang KM-SDK!

MR. DAVIS:
Sonnamabitch! Hindi ko kelan man inisip na mangyayari ito sa American Sugar Company! This is unbelievable!

ATTY. LACHICA:
Bibilib kayo, sir! Bibilib kayo kung kayo mismo ang nakakita sa aming nasaksihan!

(Saglit na walang kilos sina Mr. Davis at Atty. Laonica at muling dahan-dahang tatalikod. Muling pakilusin ang strobe. Tuloy ang tunggalian. Tuloy-tuloy nang tatakbo ang ilan pang pasista at matong naiwan kanina, tangi sa isang hindi pa rin bibitiwan ng mga welgista. Walang kilos. Panatilihin ang mga ilaw.)

MR. DAVIS:
Ang bawat araw na pagtagal ng welga'y siya namang pagkawala ng salapi natin. Iniwan nilang nakatiwangwang ang daang libong pisong tubo, asukal at makinarya. Hindi puwede ito! We cannot afford to lose! Attorney!

ATTY. LACHICA:
Yes, sir?

MR. DAVIS:
Mag-magpatawag ka agad ng conciliation meeting sa unyon ng mga suberaibong manggagawang 'yan! Sabihin mong makiki-pag-usap na tayo! Sabihin mong---aaa! Sige na!

(Nagmamadaling aalis si Atty. Lachica. Susunod na rin si Mr. Davis. Sa lugar naman ng mga welgista, mabilis na tatakbong palayo ang naiwang maton kanina. Ibayong pagkakaingay ng mga welgista.)

PEPE:
Mga tigreng papel!

DORAY:
Mga tigreng tokwa!

LITA:
Magsama-sama kayong lahat sa imp'yerno n'yo!

LUMEN:
Hindi nila tayo kaya!

DODO:
Ipagtatanggol natin ang ating mga karapatan hanggang sa wakas!

DORAY:
At ang wakas ay tagumpay!

BEN:
At ang tagumpay ay sa atin!

ZARDO:
Sa mga aping anakpawis!

DOLPO:
Sa sambayanang Pilipino!

(Sigawan ang mga welgista: Sa sambayanang Pilipino! Palakpakan.)




BEN:
Mga kasama, ano ang lohika ng ating mga kaaway?

PEPE AT 3 MANGGAGAWA:
Manggulo--

LUMEN AT 4 MANGGAGAWA:
Mabigo!

CELSO AT 5 MANGGAGAWA:
Muling manggulo--

DORAY AT 6 MANGGAGAWA:
Muling mabigo!

(Lahat ng mga welgista: Hanggang sa malipol!)

PEPE:
Ito ang lohika ng mga imperyalista at ng lahat ng mga reaksiyonaryo sa buong daigdig sa kanilang pagharap sa ipinakikipaglaban ng mga mamamayan!

(Lahat ng welgista: At kailanma'y hindi nila lalabagin ang lohikang ito!)

BEN:
Samantalang ang lohika natin?

LITA AT 4 MANGGAGAWA:
Lumaban--

DOLPO AT 5 MANGGAGAWA:
Mabigo.

CRIS AT 6 MANGGAGAWA:
Muling lumaban!

ZARDO AT 7 MANGGAGAWA:
Muling mabigo!

DODO AT 8 MANGGAGAWA:
Muling lumaban!

(Lahat ng welgista: Hanggang sa magtagumpay! Palakpakan.)

LITA:
Ito ang lohika ng mga mamamayan!

(Lahat ng mga welgista: At tayo, kailanman, ay hindi lalabag sa lohikang ito!)

ADOR:
Siyang dapat! Sapagkat ang kalayaan ng uring manggagawa ay nasa sariling pagkilos ng uring manggagawa!... Kung naitaboy man natin ang mga bayarang maton at pasista ng estado, ito'y sapagkat tayo'y nagkakaisa! At pagkakaisang pinapatnubayan ng rebolusyonaryong kaisipang manggagawa! Hanggat tinatanglawan ng liwanag na ito ang ating landas, hindi tayo maliligaw sa tagumpay!

CRIS:
Patuloy nating patatagin ang ating hanay!

LITA:
Laban sa mga nakakubling taksil at ahenteng gaya nina Ignacio at Tomas!

PEPE:
Nasa mga uring api ang tagumpay ng rebolusyon, ng pangmatagalang pakikibaka!

BEN:
Mga kasama, nakahanda ba kayo sa pangmatagalang pakikibaka?

(Sagutan ang lahat: Nakahanda kami!)

ADOR:
Ang tagumpay natin ngayo'y taktikal lamang. Magpatawag man ng conciliation meeting ang reaksiyonaryong kapitalistang si Davis, ibigay man niya ang ating mga kahilingan, ito'y maliit at pansamantalang tagumpay lamang!

PEPE:
Hindi tayo dapat padala sa mga 'to!

(Sagutan ang mga welgista: Tama! Hindi d'yan nagwawakas ang tunggalian ng mga uri!)

ADOR:
Dapat nating sabihin sa mga mamamayan at sa ating mga kasama na marami pang balakid at hirap sa liku-likong landas ng rebolusyon. Hindi dapat akalain na isang maaliwalas na umaga ay kusang maniniklohod ang mga reaksiyonaryo. Tayong mga rebolusyonaryong anakpawis, at wala nang iba pa, ang siyang magbibigaywakas sa pagsasamantala ng tao sa kapwa tao! Sagutin natin ang panawagan ng ating panahon: Makibaka para sa pambansang demokrasya!

LITA:
Iwagayway ang pulang bandila ng pambansang kalayaan at tunay na demokrasya!

(Sagutan ang lahat: Mabuhay ang pambansang demokrasya!)

ADOR:
Mga manggagawa! Mga uring api! Masdan ninyo: ang silangang unti-unting pumupula'y nagbabadya ng ating kalayaan! Kung tayo'y mangangahas makibaka, ang tagumpay ay ating makakamtan!

(Sagutan ang lahat: Mangahas makibaka, kamtin ang tagumpay ng--Rebolusyon! Rebolusyon! Rebolusyon!!)




(Nangakataas ang mga kanang kamao, plakard at mga MSPTMT. Buong husay namang iwinawagayway ng tatlong welgista ang mga bandilang pula patungong gitnang bahagi ng tanghalan. Samantalang ang karamihan ay buong tatag na nakaharap sa mga manonood, sa mga bandilang pula naman nakapako ang paningin ng mga welgistang nakapalibot sa mga ito. Walang kilos. Magiging pulang-pula ang mga ilaw, dahan-dahang mamamatay.)

(KURTINA)

# PANAWAGAN



G (D)
1. Ka- buk - tu - tan ang nga - yon ay nag-ha-ha-
A (E) D (A)
ri. Ma- sang a- nak pa-wis ay di - nu - du - ha - gi. Su-ba- lit
D7 (A7) G7 (D7) C (G) G (D)
bu-kas ay dag- ling ma-pa-pa - wi. Sa- lot na du - lot
A (E) Em7 (Bm7) A (E) Refrain
ng ka - a- way na im- bi. MA-MA-MA- YAN, DING-GIN YA-
Dm (Am) D (A) D7 (A7)
RING PA-NA - WA - GAN. MAG-PA-KA- TA - PANG AT MA-
G (D) A7 (E7) D (A) D7 (A7) G (D)
NGA- HAS LU - MA - BAN. MA-MA-MA-YAN, DING-GIN YA-
F# (C#) Bm (F#m) E (A) D (A)
RING PA-NA - WA - GAN. MA-NGAG-BI- SU-LONG AT KAM-
G (D) A (E) D (A) G (D)
TIN ANG TA-GUM- PAY. 2. Ha- ha- wi-in ng u- nos ng hi- mag-
A (E) D (A) D7 (A7)
si- kan ang ma-pang- law na u-lap sa ka- la - ngi- tan. Li-li-pas
G (D) C (G) G (D) A (E)
ang na - ka- lam- bong na ka- rim - lan. Si- si- kat ang a- raw
Em7 (Bm7) A (D) G (D) Bb (F)
sa ki - na- bu - ka - san. Refrain - TIN ANG TA-
D (A)
GUM - PAY.



# SABI NGA NI BALAGTAS



Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
kaliluha'y siyang nangyayaring hari,
kagalinga't bait ay nalulugami,
ininis sa hukay ng dusa't pighati.




Ang magandang asal ay ipinupukol
sa laot ng dagat ng kutya't linggatong;
balang magagaling ay ibinabaon
at inililibing na walang kabaong.




Nguni ay ang lilo't masasamang-loob
sa trono ng puri ay iniluluklok;
at sa balang sukab na may asal-hayop,
mabangong insenso ang isinusuob.



Kaliluha't sama ang ulo'y nagtayo
at ang kabaita'y kimi't nakayuko;
santong katuwira'y lugami at hapo,
ang luha na lamang ang pinatutulo.



At ang balang bibig na binubukalan
ng sabing magaling at katotohanan
agad binibiyak at sinisikangan
ng kalis ng lalong dustang kamatayan.



O, taksil na pita sa yama't mataas!
O, hangad sa puring hanging lumilipas!
ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat
at niring nasapit na kahabag-habag!



MGA SALAWIKAING
BINIGYAN NG BAGONG KAHULUGAN
SA "BAGONG LIPUNAN"

Ang bayaning masugatan,
Nag-iibayo ang tapang.

Ang bayani ay ang masang Pilipino na tinangkang dahasin ng papet na diktadura, subalit lalo lamang tumapang sa pakikibaka nito para sa pambansang kalayaan at tunay na demokrasya.

★

Walang batong napakatigas
Na sa alo'y di naaagnas.

Ang diktadurang E.U.-Marcos ay nag-aanyong bato, subalit ito'y aagnasin ng daluyong ng digmaang bayan na pinangungunahan ng proletaryado.

★

Ang ulang tikatik,
Madaling magpuputik.

Ang pangmatagalang pakikibaka ay tulad ng ulang tikatik na halos hindi namamalaya'y unti-unting nagbabaon sa imperyalismong Amerikano, piyudalismo at burukratang kapitalismo sa pusali ng kasaysayan.

★

Mag-ingat ka, Niyog,
Huwag magpapakatayog,
Kapag uwang ang umuk-ok,
Mauubos pati ubod.

Ang palalong "niyog" ay ang "bagong lipunan" na araw-araw ay nagpaparangyaang matatag at matibay ang pagkatayo. Ang "uwang" ay ang kilusang lihim ng rebolusyonaryong masa na dahan-dahang bumubuwag sa pasistang diktadura.

Mga sagot sa bugtong:

1. Diktadurang E.U.-Marcos
2. Papet pasistang Marcos
3. Imeldang reyna ng luho
4. Imperyalismong Kano

## SEPTEMBER 21, 1972

Advance, at once, brave brother,
seize the single spark of Sierra,
the protracted hour of penance
    and sacrifice
counts drunken days and darkened
    dawns.

Of dictators, captured in guarded
    palaces,
whose laws and lies and tales on
    televisions
reveal an inner wickedness and weakness
before an awakened people
grown strong by strategy.

Repent, be selfless, brother
the clean Kingdom of freedom is
    at hand
men move mountains, mountains of
    men move
behold our force commands the
    countrysides
behold a god against their guns
surrounding those surrounding us.

Their dry cities and empty palaces,
caught in the prairie fire,
they surrender!

● From a Christian
in the underground

**MACOY** PLA



# SURIIN PO NATIN

ni VICTORIO del PUEBLO

Ako'y di Quintero, at di rin Arienda,
Subalit, Bayan ko, nais kong kumanta.
Ang kakantahin ko'y may himig "payola",
Katono ng "bomba" sa Plaza Miranda.

Tapos na ang sirko sa Quezon City Hall!
(Salamat! Salamat, Santa Clara't Poon!)
Pero ang malungkot, tapos man ang Con-Con,
Plebisito naman ang putahe ngayon...

Matapos lustayin ang pera ng bayan
Sa mga debate't mga kalukuhan,
De-lagay-do ngayo'y nagpaparangalan
Sa niluto nilang "batas" daw "kay-inam".

Dapat pa raw tayong magbunyi't matuwa,
Pagkat martial law man "batas" ay nagawa:
Isa raw po ito sa mga himala
Ng "disiplinado't nagbabagong bansa".

Sa "bagong batas" daw kay daming nabago,
"Tinig" daw ng bayan nasunod nang husto;
Bukod pa raw, ito'y yaring-Pilipino,
Di tulad ng una -- yaring-Amerkano.

Pero, k'widaw Bayan, ito'y hokus-pokus!
Bagong panlalansi ng pasistang Marcos!
Sa pakanang ito, pag tayo'y na-etchos:
Umiwas sa baga, sa apoy nasuot!

Suriin po natin itong sugar-coated
Na abrakadabra sa radyo at Express;
Suriin po nating mabuti ang panig,
Bago po ibigay ang botong "NO" at "YES".

Sa bagay, tiyak pong gagamiting lahat
Ni Macoy ang kanyang salapi at lakas.
Upang ang botong "YES" ng masa'y lumabas,
Pag di santong dasal, e sa santong paspas.

Magkagayon pa man, magsuri'y mainam
Kaysa sinasabing tulog sa pansitan;
Isa pa, pag mulat ang ating isipan,
Anumang pasismo ay kayang labanan.

Ang totoo, Bayan, itong "bagong batas"
Ay lumang putahe sa bagong buladas;
Kung baga sa binting may buni at peklat,
Niretoke lamang sa pulbos at mek-ap.

Tawag ma'y "parliament" sa ating gobyerno,
Kahit mas mababa'ng edad sa pagboto,
Ito rin ang dating sistemang pa-gago
Na ang naghahari'y iilang demonyo.

Sabihin mang itong "bagong konstitusyon"
"Ganap na malaya" (?) sa U.S.-dictation;
Tiyak namang order ng papet-diktador...
Kundi lutong-makaw, ito'y lutong-Macoy!

KONSTITUSYONG LUTONG-MACOY

SUNUGIN SA REBOLUSYON

At upang malantad ang taksil na plano
Ng rehimeng Marcos at timawang dayo,
Dalwang Artikulo ang suriin ninyo:
Itong Labing-apat at ang Labimpito.

Ang una po'y batas at mga garant'ya
Na yaman ng bansa'y sa atin ang punta;
Dito rin po natin dapat na mabasa
Ang mga "proteksiyon" sa 'ting ekonomya.

Suriin po natin itong Labing-apat
Na inaasahang higit na matatag
Sa pagpapaalis ng dayuhang limbas
At foreign companies na dito'y umunlad.

Pero ang nangyari'y lalong naging legal
Ang paglagi rito ng dayong puhunan;
Kano man o Hapon pwedeng makisakay
Maging sa paggamit ng likas na yaman.

Sa "bagong batas" po'y lalo tayong open
Sa pagtatamasa ng dayong bisnesmen;
At ang malungkot pa, lalo tayong ander
Sa kademonyuhan ng Pangulong Hitler.

Ikalawa nama'y "Probisyong Lilipas"
Na ang tinutukoy temporaryong batas,
Upang maging "ayos" itong paglilipat
Sa dating gobyerno at sa bagong tatag.

Itong sinasabing gobyernong transisyon,
Gobyernong tatagal sa gusto ni Macoy;
Siya itong Ministro, Pangulo't Diktador,
Lantarang sin'wapang lahat ng posisyon!

'Yang Asamblea'y bagong bahay-aso
Na mas magastos pa sa dating Congreso.
Ay, lalong lumaki ang nakaw at suweldo
Lalong napurnada ang bulsa ng tao.

Kaya Bayan, ngayon, ano ang nangyari?
Sa Dos Articulos, tayo'y inoonse!
Sa likod ng bola't salitang maarte,
Ang palad ng bansa ay hawak ni Ferdie!

Sa gayo'y malinaw, itong plebisito
Ay isang bodabil, isang panloloko.
Kaya nga, o Bayan, pagboto ng "OO",
Naglibing sa laya ay tayo na mismo.

Dapat mangampanya, magkaisang lahat:
Malakas na "HINDI" ang ating isulat!
At kasabay nito ay ating ilantad,
Iyang plebisitong mabahong palabas!

Itong "bagong batas" ay ating sunugin
Sa alab ng ating himagsik at giting!
Sa harap ng masang hindi pasusupil,
Ang Marcos-APP'y mga tigreng papel!